email: uma.pilipinas@gmail.com | twitter: @UMApilipinas

Ang UMA

OPISYAL NA PUBLIKASYON NG UNYON NG MGA MANGGAGAWA SA AGRIKULTURA

Ikatlong Isyu Taon X Blg. 1 | Enero-Hunyo 2015

# Sulong, Philippine Land Reform Movement!

INILUNSAD SA PUBLIKO ang Philippine Land Reform Movement sa isang pagtitipong ginanap sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Mayo 28.

*Tinutugunan ng* Philippine Land Reform Movement *ang pangangailangang paigtingin ang kampanya para sa isang bagong programa sa repormang agraryo na tunay na mamamahagi ng lupa sa mga magbubukid. Nagtapos na ang* Comprehensive Agrarian Reform Program *o* CARP *nitong Hunyo 30, 2014 at bigong-bigo ito sa pagharap sa daantaong suliranin ng monopolyo sa lupa sa Pilipinas.*

*Nananatili ang malalawak na asyenda at plantasyon habang ang mga lupaing naipamahagi na diumano sa mga tinaguriang benepisyaryo ay narekonsentra na pabalik sa dambuhalang panginoong maylupa at dayuhang agrikorporasyon. Sa 27 taon ng CARP, ang pangangamkam at kawalan ng lupa ay lalo lamang lumala.*

**SULONG** >> SUNDAN SA PAHINA **5**

## Sa Isyung Ito

2 MARYJANE
TULOY ANG LABAN!

7 DAUG!
MGA TAGUMPAY SA MINDANAO!

4 SDO&AVA
ISKEMANG PML & TNC

6 WTJ
TINIG NG KABABAIHANG MAGBUBUKID SA ASYA

8 NO PALM
LABAN SA OIL PALM

6 ENDO?
TANGGALAN SA CENTRAL AZUCARERA DE TARLAC

8 HLMX
ALAY SA MGA MARTIR NG HACIENDA LUISITA




LARAWAN *KENNETH GUDA*
***PINOY WEEKLY***

# Tuloy ang laban! #FreeMaryJane!


***Nagsimula ang pagdurusa ng pamilya Veloso sa mismong bakuran ni BS Aquino.***

KASAMA ANG MGA MANGGAGAWANG-BUKID NG Hacienda Luisita sa milyun-milyong mamamayan na nagbunyi nang maipatigil ang pagpataw ng parusang bitay kay Mary Jane Veloso, madaling araw ng Abril 29.

Isang buwan ang makalipas, nitong Mayo 29, muling nakiisa ang UMA at AMBALA sa paglulunsad ng Save Mary Jane Alliance at Heart of Gold campaign sa Quezon City, para ituloy ang laban ng mga Overseas Filipino Workers (OFW) na nasa *death row*.

Si Veloso ay isang OFW na hinatulan ng kamatayan noong 2010 dahil sa kasong pagpupuslit ng droga sa Indonesia. Si Mary Jane ay biktima ng iligal na rekruter at sindikato. Ayon sa grupong Migrante, nagpabaya ang pamahalaang Aquino at hindi nagbigay ng nararapat na tulong at depensang legal para kay Mary Jane sa loob ng limang taon.

Ayon pa sa inilabas na pahayag ng UMA, nagsimula ang pagdurusa ng pamilya Veloso sa mismong bakuran ni Pangulong BS Aquino. Ang ama at lolo ni Mary Jane ay nagtrabaho nang matagal bilang mga manggagawang-bukid o sakada sa Hacienda Luisita. Matinding kahirapan ang nagtulak kay Mary Jane para makipagsapalaran sa ibang bansa.




Ang kampanyang “Save the Life of Mary Jane” sa pangunguna ng Migrante ay nakapagpakilos ng ating mga kababayan at iba't ibang sektor sa loob at labas ng bansa, kabilang ang mga aktibista sa Indonesia na siyang nakausap at nakapagpabago ng isip ni Pangulong Joko Widodo sa mga huling sandali bago ang nakatakdang pagbitay. Nagtrending sa buong mundo ang mga *hashtag* na #SaveMaryJaneVeloso at #MaryJaneLives bunsod ng malawakang kampanya.

Kabilang ang UMA, AMBALA at ang Luisita Watch network sa iba't ibang organisasyon na naglunsad ng suportang aktibidad kaugnay ng kampanya. Isang *ecumenical service* at simbolikong protesta para iligtas ang buhay ni Mary Jane ang ginanap sa kubol ng AMBALA sa Brgy. Balete noong Abril 21 sa pangunguna ni Pastor Gabby Sanchez ng UCCP.

Si Pastor Sanchez ay ama ni Juancho, isa sa mga biktima ng Hacienda Luisita masaker. Nakiisa rin si Migrante Sec. Gen. Sol Pillas sa nasabing aktibidad.

Lumahok din ang mga taga-Luisita sa mga martsa at vigil para kay Mary Jane na ginanap sa Tarlac City sa pangunguna ng BAYAN-Central Luzon at BAYAN-Tarlac.

Unang narinig ang taus-pusong pasasalamat ng pamilya Veloso sa lahat ng mga sumuporta sa kampanya nang humarap sila sa libu-libong manggagawa na lumahok sa martsa noong Mayo Uno sa Mendiola, Maynila.

Ang mga polisiya ng gobyerno gaya ng *labor-export* at bogus na reporma sa lupa ng CARP ang nagtutulak sa ating mga kababayan sa kapahamakan sa ibayong-dagat.

Hindi pa tapos ang laban para palayain at ibalik sa bansa si Mary Jane!

# Pulong ng Pambansang Konseho ng UMA, Idinaos




IDINAOS MULA ABRIL 25-26 SA QUEZON CITY ANG PULONG ng pambansang konseho o *national council* (NC meeting) ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) na may temang ***"Manggagawa sa agrikultura, palakasin ang hanay! Ipaglaban ang tunay na reporma sa lupa, sahod, trabaho, benepisyo at karapatan!"***

Dumalo sa NC meeting ang mga delegado mula sa Cagayan Valley (UMAMI), Tarlac (Alyansa ng mga Manggagawang-Bukid sa Asyenda Luisita, AMBALA), Batangas (KAISAHAN), Negros (National Federation of Sugar Workers, NFSW), Bukidnon (OGYON), Agusan del Sur (Pinagbuklod na Lakas ng Manggagawa sa Plantasyon ng Agusan Plantations Inc, PIGLAS-MAPAPI), Southern Mindanao at Far-South Mindanao (National Federation of Labor Unions-Kilusang Mayo Uno, NAFLU-KMU), at pambansang tanggapan ng KMU, na kumakatawan sa mga manggagawa sa agrikultura mula sa industriya ng asukal, produksyon ng *bioethanol*, at mula sa mga plantasyon ng *oil palm*, pinya, saging at iba pa.

Kabilang sa mga panauhing tagapagsalita sina Rosario Bella Guzman, editor ng Ibon Foundation, na nanguna sa talakayan hinggil sa mga neoliberal na atake sa mga manggagawa sa agrikultura; Rep. Fernando "Ka Pando" Hicap ng Anakpawis Partylist na nagtalakay hinggil sa pambansang sitwasyong pampulitika; at Rafael "Ka Paeng" Mariano, tagapangulo ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) na nagsalita hinggil sa pangangailangan ng isang Philippine Land Reform Movement o kilusan para sa reporma sa lupa sa bansa.

Bukod sa mga lokal na ulat mula sa mga kasaping organisasyon ng UMA, tinalakay rin sa nasabing pulong ang mga sumusunod na pambansang kampanya: **(1)** laban sa Stock Distribution Option (SDO) at Agribusiness Venture Agreements (AVA) at iba pang mga iskema na patuloy na nagkakait ng lupa sa mga manggagawang-bukid at manggagawa sa agrikultura; **(2)** para sa disenteng pasahod, benepisyo at karapatan sa lupa ng mga manggagawa at manggagawang-bukid sa tubuhan at industriya ng asukal; at **(3)** pakikiisa sa panawagan para sa National Minimum Wage na P16,000. Inilatag din ang isang taong plano ng UMA.

Pormal namang itinalaga si John Milton Lozande ng NFSW, halal na Vice-Chairperson, bilang Acting Chairperson ng UMA; at si Ranmil Echanis bilang Deputy Secretary General. Sina Lozande at Echanis ang humalili sa mga halal ngunit tumiwalag na mga opisyal ng UMA na sina Lito Bais (Chairperson) at Rodel Mesa (Sec. Gen.), kapwa galing sa Hacienda Luisita.

Sina Bais, Mesa at iba pang dating lider-masa sa Luisita ay pormal na ring itinakwil ng AMBALA sa isang resolusyon na ipinasa sa Pangkalahatang Asembliya nito noong Hunyo 7, 2014. Sina Bais at Mesa ay nasa panig na ngayon ng mga panginoong maylupa ng Luisita.

Pinaghahandaan ng UMA ang Pambansang Kongreso nito na gaganapin sa susunod na taon.

Ang UMA

INILATHALA NG **UNYON NG MGA MANGGAGAWA SA AGRIKULTURA**
56 K-9 St., West Kamias,
Quezon City

Para sa mga tanong, puna, mungkahi at kontribusyon, kumontak sa
telepono: **(02) 799.2009**
email: **uma.pilipinas@gmail.com**
twitter: **@UMApilipinas**
hanapin ang **UMA Pilipinas** sa Facebook

Media Officer:
**GI ESTRADA** 0916.611.4181

# SDO AVA IBAS

ABRIL 24. Tatlong taon na mula nang magdesisyon ang Korte Supr
para sa pamamahagi ng lahat ng agrikultural na lupain sa Hacienda L
Sa makasaysayang araw na ito, ipinawalang-bisa rin ng kataas-taasan
ang *stock distribution option* o SDO, ang iskema na sistematikong na
ng lupa na matagal nang dapat ibalik sa mga magbubukid ng asyen

Tatlong taon na ang nakalipas ngunit nasa lansangan pa rin ang mga manggagawang-bukid, sumisigaw ng lupa at hustisya.

Sa Comprehensive Agrarian Reform Program o CARP na isinabatas noong 1988, ipinangako ng pamahalaan ni Corazon Cojuangco-Aquino ang pamamahagi ng mga lupaing saklaw ng mga asyenda at agrikorporasyon. Napaso na ang CARP nitong Hunyo 30, 2014, ngunit ang malalawak na asyenda at plantasyon ay wala pa rin sa kontrol ng mga magsasaka, manggagawang-bukid at manggagawa sa agrikultura.

Iba't ibang iskema ang sistematikong ipinatupad sa ilalim ng CARP upang makaiwas ang mga panginoong maylupa (PML) sa pisikal na distribusyon ng lupa. Ang bogus na CARP ay itinuturing na ngayong pinakamahaba, pinakamagastos at pinakamadugong programa sa reporma sa lupa sa buong mundo.

Sa SDO na ipinatupad sa mismong bakuran ng mga Aquino-Cojuangco sa Hacienda Luisita sa Tarlac, libu-libong mangggagawang bukid ang nakaranas ng pinakamasahol na pang-aalipin bilang mga *stockholder* ng itinayong korporasyong Hacienda Luisita, Inc (HLI). Tahasang ipinagkait ang kanilang karapatan sa lupa habang tumatanggap lang ng P9.50 kada sahod.

Bagamat ipinawalang-bisa na ang SDO sa HLI noong 2012, ipinapatupad pa rin ito sa 13 pang mga asyenda sa Negros, Iloilo, at Davao del Sur. Walang pinag-iba sa masahol na kalagayan ng mga ordinaryong manggagawang-bukid ang katayuan ng 1,905 "benepisyaryo" sa ilalim ng mga SDO na ito. Ang dibidendo na nakukuha diumano ng mga benepisyaryo mula sa kanilang sapi ay umaabot lamang sa P340 hanggang P500 kada taon.

Samantala, patuloy ngayong itinutulak ng pamahalaan ni BS Aquino ang iba't iba pang iskema sa pag-iinstitusyunalisa ng mga Agribusiness Venture Agreement (AVA).

Sa ilalim ng AVA, ang malalawak na lupaing agrikultural ay napapanatili o naibabalik sa kontrol ng mga panginoong maylupa habang binibigyan ng pabor ng estado ang mga pribado, dayuhan o transnasyunal na korporasyon (TNC) upang mamuhunan at maging "kasosyo" ng mga tinaguriang *agrarian reform beneficiary* (ARB) o "benepisyaryo" ng CARP.

Kabilang sa mga anyo ng AVA ay ang *joint-venture agreement, contract-growing, growership* o *production* at *marketing contract, lease at leaseback, management contract,* at iskemang *build-operate transfer* (BOT). Dahil sa mga di-pantay na kasunduang ito na may bisa mula 5 hanggang 75 taon, ang mga AVA sa esensya ay "kontrata" sa pangangamkam ng lupa. Ayon sa konserbatibong tantya ng NEDA noong 2013, 1.2 milyong ektarya ng lupa ang nasa ilalim ng mga AVA.

Kakambal din ng AVA ang ibayong pagsasamantala sa mga manggagawa sa agrikultura gaya ng mababang pasahod kapalit ng mabigat at mapanganib na trabaho, kawalan ng benepisyo at *labor-only contracting*, kontraktwalisasyon, sistemang pakyaw o *piece-rate*. Sinisiil din ang karapatan sa pagsapi at pagtatayo ng mga unyon at asosasyon pabor sa mga dilawang kooperatiba at asosasyon na kontrolado o itinayo mismo ng korporasyon, TNC o PML upang ipatupad ang AVA.

Bago pa man ang desisyon ng Korte sa Hacienda Luisita, itinulak na ng mga Aquino-Cojuangco ang malawakang aryendo o rentahan ng lupa para mapanatili ang produksyon ng tubo. Sa Mindanao, ang mga plantasyon ng pinya, saging, *oil palm*, goma at iba pa ay hawak ng mga dambuhalang agrikorporasyong TNC gaya ng Itochu, Dole, Stanfilco, Del Monte, at Sumifru. Ang mga ito ay sumasaklaw ng puu-puong libong ektarya at patuloy pang nakapagpapalawak dahil sa mga AVA.

Ang mga SDO at AVA ay nakabalangkas sa mapaminsalang mga neolilberal na patakaran ng imperyalistang globalisasyon. Dahil sa mga ito, lalong tumitindi ang pangangamkam, pagsasamantala, at pandarahas laban sa mga mangggawang-bukid at manggagawa sa agrikultura pabor

# URA!

rema
Luisita.
g korte
agkait
nda.

sa imperyalistang interes sa produksyong pang-eksport, murang hilaw na materyales at murang lakas-paggawa.

Ang pagmamantini, malawakang rekonsentrasyon at ekspansyon ng mga asyenda at plantasyon na nasa kamay ng mga dambuhalang PML at TNC, sa tulong na rin ng mismong batas, mga institusyon at armadong sangay ng estado, ay malinaw na nagpapakita ng garapalang panlilinlang at pandarahas sa mga magbubukid sa ilalim ng CARP.

Ang paglaki ng bilang ng mga manggagawa sa agrikultura na nasa lugmok na kalagayan, habang dumarami ang mga pamilyang magsasaka na naaagawan ng lupa at nagiging manggagawang-bukid na lamang, ay bunsod mismo ng papatinding atake ng mga neoliberal na patakarang ito na nagpapalalim sa krisis ng malakolonyal at mala-pyudal na lipunan.

Ang kalagayang ito ay batayan para sa mas malawakang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa hanay ng mga manggagawang-bukid at manggagawa sa agrikultura. Ang patuloy na pananalasa ng mga iskemang SDO at AVA, at ang buhong na panukala para palawiging muli ang implementasyon ng huwad na CARP, ay batayan para sa mas maigting na pakikibaka para sa lupa, trabaho, sahod at karapatan -- para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon!

**SULONG** << MULA SA PAHINA **1**

*Nakaayon sa neoliberal na patakaan ng globalisasyon ang mga* non-land transfer scheme *na pinahintulutan ng CARP, gaya ng* Stock Distribution Option (SDO) *sa Hacienda Luisita,* corporative scheme *sa Negros, at iba pang iskema sa ilalim ng mga* agribusiness venture agreements **(Tingnan ang kaugnay na artikulo hinggil sa SDO at AVA sa pahinang ito)**

*Ang dalawang dekada ng pagsapi ng Pilipinas sa* World Trade Organization *at ang pagiging sunud-sunuran sa mga polisiya ng liberalisasyon ay nagpalala lamang sa pagka-atrasado at maling pag-unlad ng agrikultura sa bansa. Sa ilalim ng WTO, lumaki ang pagsalig ng bansa sa pag-aangkat ng pagkain at iba pang produktong agrikultural, samantalang pinabayaan na ng estado ang subsidyo para sa produksyon ng pagkain habang inilalaan ang malalawak na lupain para sa produksyon ng mga pananim na pang-eksport, mas maigting na pagpapalit-gamit ng lupa* (land use conversion) *at ispekulasyon sa lupa.*

*Ang kilusang magbubukid sa bansa ay nakaugat sa daantaong pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa tunay na kalayaan. Ang pagbabalikwas ng mga magbubukid laban sa sistemang enkomyenda at asyenda sa panahon ng kolonyalismong Espanyol ay rumurok sa Rebolusyong 1986. Nagpatuloy ang pagkikibaka ng mga kilusang magbubukid laban sa pananakop ng imperyalismong US na nagpanatili sa pyudal na relasyong panginoong-maylupa at kasama. Mga magsasaka rin ang nagsilbing pangunahing pwersa laban sa pananakop ng imperyalistang Hapon. Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang mga nagsunurang papet na rehimen ay bigo sa pagbasag sa monopolyo sa lupa sapagkat sadyang pinanatili ng mga ito ang pang-ekonomiya at pampulitikang kontrol ng mga panginoong maylupa sa kanayunan.*

*Nananatili ang pagsasamantala sa mga magbubukid. Walang hustisyang panlipunan. Ang mamamayang Pilipino ay kinakailangang makipagkapit-bisig sa mga magbubukid at iba pang mamamayan sa kanayunan para sa* Philippine Land Reform Movement.

*Ang malapad na kilusang ito ay binubuo ng mga magbubukid, mga maralita sa kanayunan, manggagawa, akademiko, taong simbahan, mga abugado, kababaihan, kabataan, estudyante, panggitnang uri, parlamentarista, at mga negosyante na tutol sa kasinungalingan, panlilinlang at korupsyon ng pekeng programa sa repormang agraryo ng pamahalaang Aquino at ng mga huwad na organisasyon na nagpopostu-rang maka-magsasaka.*

*Ang* Philippine Land Reform Movement *ay nananawagan para wakasan ang monopolyo sa lupa. Itinataguyod nito ang tunay na repormang agraryo upang tugunan ang kasarinlang pang-ekonomiya, pampulitika at panlipunan ng mga magbubukid. Ito ay isang kilusan na nagtataguyod sa tunay na kaunlaran sa kanayunan, nagsusulong ng pambansang industriyalisasyon at aktibong lumalahok sa pakikibaka para sa pambansang kasarinlan, kapayapaan, demokrasya at pagbabagong panlipunan.*



## Women's Travelling Journal:

# *Tinig ng kababaihang magbubukid sa Asya*




*ISA SI FLORIDA "KA PONG" SIBAYAN, TAGAPANGULO NG AMBALA, sa limampung (50) kababaihang magbubukid mula sa anim (6) na bansang Asyano – Pilipinas, Indonesia, Nepal, Bangladesh, India at Pakistan – na nag-ambag ng akdang talaarawan sa* Women's Travelling Journal (WTJ) *tungkol sa* food sovereignty, *isang proyekto ng* Asian Rural Women's Coalition (ARWC), Pesticide Action Network Asia and the Pacific (PAN-AP), *at* East Asia GROW Campaign *ng* Oxfam.

*Ang paglulunsad ng WTJ ay naganap noong Marso 8 sa Dhaka, Bangladesh, kasabay ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan.*

*Sa WTJ ay ibinahagi ni Ka Pong ang karanasan sa buhay at kamatayang pakikibaka ng kababaihang magbubukid sa Hacienda Luisita -- mula sa pagtatrabaho bilang manggagawang-bukid sa murang edad, paglahok sa welgang bayan, ang kasalukuyang pekeng pamamahagi ng lupa at pagbubuldoser ng mga pananim sa ilalim ni Aquino at ang patuloy na kampanya ng mga magbubukid para sa kolektibong paglilinang ng lupa at bungkalan.*

*Isa si Ka Pong sa mga sugatang nakaligtas sa malagim na Hacienda Luisita masaker noong 2004.*

*Ang tinig ni Ka Pong at iba pang kababaihang magbubukid sa Asya ay mababasa sa kanilang mga talaarawan na nakalathala na sa* ***www.travellingjournal.asianruralwomen.net***

# Malawakang tanggalan ng manggagawa sa Central Azucarera de Tarlac

NAIULAT ANG MALAWAKANG tanggalan sa trabaho o *mass retrenchment* sa hanay ng mga manggagawa sa ilohan sa Hacienda Luisita nitong Mayo.

Aabot sa 600 manggagawa ng Central Azucarera de Tarlac (CAT) ang isinailalim sa tinatawag na "voluntary retirement program" na iniratsada ng management at may itinakdang mahigpit na palugit nitong Mayo 15. Ayon sa CAT, titigil ang operasyon ng ilohan mula sa petsang ito at muling magbubukas sa Hunyo 15.

Katatapos pa lamang ng kabyawan o *milling season* sa Hacienda Luisita. Itinaon ang tanggalan ng mga manggagawa sa tiempos muertos o *dead season*, kung kailan tigil naman talaga ang produksyon ng asukal.

Ang CAT at Hacienda Luisita ang bukal ng kapangyarihang pang-ekonomiya at pampulitika ng pamilya Aquino-Cojuangco. Matapos ang huwad na pamamahagi ng lupa na ipinatupad ng gobyernong Aquino sa Luisita mula 2013, kabilang ang CAT sa mga korporasyon ng pamilya na sangkot sa pangangamkam ng mga lupaing agrikultural na dati nang binubungkal at dapat ipamahagi sa mga magbubukid.

Ikalawang hati ng 2014 nang maiulat ang pagbebenta ng CAT sa negosyanteng si Martin Lorenzo. Si Lorenzo at ang iba pang bagong direktor na nakaupo ngayon sa CAT ay sangkot sa pagkontrol ng malalawak na lupain para sa mga plantasyon sa Mindanao gaya ng Del Monte at Lapanday. Nananatili sa mga Aquino-Cojuangco ang malaking bahagi ng pag-aari ng CAT sa pamamagitan ni Fernando Cojuangco, presidente at *chief operating officer* ng CAT. Si Cojuangco ay pinsan ni Pangulong BS Aquino.

Ang malawakang tanggalan ng mga manggagawa sa CAT ay hinihinalang bahagi ng "pag-angkop" ng pamilya Aquino-Cojuangco sa mga neoliberal na patakaran bunsod ng AFTA at paglubos sa ganansya mula sa tubuhan at asukarera kasabay ng pagpirma ni BS Aquino sa bagong batas na Sugar Industry Development Act (SIDA), na magbubuhos ng bilyon-bilyong pondo para sa industriya ng asukal.

Ang mga sapi ng iba pang korporasyon ng pamilya Aquino-Cojuangco gaya ng Luisita Realty Corp (LRC) at Luisita Industrial Park Co. (LIPCO) ay binili na rin ng CAT sa pamamagitan ng CAT Resource & Asset Holdings, Inc. o CRAHI. Pinangangambahan ang mas malawakang dislokasyon at pagpapalayas sa mga residente ng labing-isang (11) barangay sa asyenda dulot ng pagpapalit-gamit ng lupa (*land use conversion*) para sa iba't ibang "proyektong pangkaunlaran" na magpapapapasok sa mga dayuhang mamumuhunan.

Ang pagbabalasa ng mga ari-arian ng pamilya Aquino-Cojuangco ay nakikita rin bilang hakbang upang makaiwas ang mga ito sa awdit ng Hacienda Luisita, Inc. (HLI) na iniutos ng Korte Suprema kaugnay ng desisyon nito sa pamamahagi ng lupa sa asyenda.

BALITA

# Tagumpay ng Manggagawa sa Plantasyon ng Saging sa Timog Mindanao


NAGTALA NG MAGKASUNOD na tagumpay ang nakikibakang mga manggagawa sa mga plantasyon ng *Cavendish bananas* o saging na pang-eksport sa Timog Mindanao bago ang Mayo Uno ngayong taon.

Sinalubong ng protesta ang pagpapatupad ng pakyawan o 100% *piece rate wage scheme* na nakaapekto sa may 5,000 manggagawa sa mga plantasyon ng Sumifru sa Compostela Valley. Tinatayang 50% ang mababawas sa sahod ng mga manggagawa dahil sa sistemang pakyaw ng Sumifru, isang dambuhalang korporasyon ng prutas sa ilalim ng Sumitomo Corporation ng Japan.

Sa pamumuno ng alyansang Banana Industry Growers and Workers Against SUMIFRU (BIGWAS), napigilan ang pagpapatupad ng pakyawan at naibalik sa dating *hourly rate* ang sistema ng pasahod sa loob lamang ng dalawang linggo ng sunud-sunod na kilos-protesta ng mga manggagawa.

Naparalisa naman ng United Pantaron Banana Workers Union – Association of Democratic Labor Organizations (UPBWU-ADLO) ang operasyon ng plantasyon sa loob ng dalawang araw na welga laban sa Nader & Ebrahim S/O Hassan Philippines, Inc. (NEH) sa Pantaron, Sto. Tomas, Davao del Norte. Lumahok ang 134 manggagawa para igiit ang pagbibigay ng *overtime premium* na hindi binayaran ng *management* mula Pebrero 28, 2014 hanggang Pebrero 28, 2015.

Ikinasa ang welga umaga ng April 17 at nagtapos sa hapon ng Abril 18 nang makipagkasundo na ang NEH sa Department of Labor and Employment at National Conciliation and Mediation Board. Isa ito sa pinakamaiikling welga na naitala sa Mindanao.




Ang mga unyon ng mga manggagawa sa SUMIFRU at NEH ay kaanib ng Kilusang Mayo Uno sa Southern Mindanao Region (KMU-SMR).

"Ang mga tagumpay na ito ay magsisilbing inspirasyon sa mga manggagawa," ayon pa sa KMU.

TUNAY NA REPORMA SA LUPA, IPAGLABAN!

HOUSE BILL 252

GENUINE AGRARIAN REFORM BILL (GARB)

ISABATAS NA!

ANAKPAWIS

## SIDA, pabor sa PML at '*sugar barons*'

MGA PANGINOONG MAYLUPA (PML) at mga tinaguriang *sugar barons* lamang -- o ang mga dati nang makapangyarihan sa industriya ng asukal -- ang makikinabang sa bagong batas na Sugar Industry Development Act (SIDA) of 2015.

Ang SIDA ay magbibigay-daan sa rekonsentrasyon ng mga tubuhan pabalik sa mga PML sa pamamagitan ng *block-farming.* Bukod dito, ang mga lupaing ipinamahagi na diumano sa mga *agrarian reform beneficiaries* (ARB) sa ilalim ng CARP ay napapanatili sa kontrol ng mga PML sa pamamagitan ng malawakang rentahan o *lease* at iba pang anyo ng mga *agribusiness venture agreement* o AVA. Pinirmahan ni BS Aquino ang SIDA bilang batas nitong Marso 27.

Ayon sa Sugar Regulatory Administration (SRA), 75% ng mga *sugar planter* o magsasakang nagtatanim ng tubo ay may lupaing mula limang (5) ektarya pababa. Naka-*lease* o nakaparenta na rin umano ang lupain ng 75% ng mga ARB sa Negros Occidental, kung saan nagmumula ang kalakhan ng produksyon ng tubo sa bansa. Sa halip na magkaroon ng kontrol sa lupa, karamihan ng mga ARB ay nananatiling manggagawang-bukid na sinasahuran para magtrabaho sa "sariling lupa" na nakaparenta sa mga PML o sa *dummy* na pinanser.

Bumagsak na sa 5% ang taripa sa imported na asukal ngayong taon, bilang pagtupad ng bansa sa Asian Free Trade Agreement o AFTA. Ang P2 bilyong badyet kada taon ng SIDA ay para sa *block farms* at iba pang proyekto upang suportahan at paunlarin diumano ang lokal na industriya ng asukal sa gitna ng pagdagsa ng mga import.

Dahil sa bogus na reporma sa lupa at talamak na korupsyon, ang nakalaang badyet ay makokopo lang ng mga PML at *sugar barons*. Samantala, ang mga manggagawa sa ilohan at tubuhan ay apektado na ng malawakang tanggalan sa trabaho at mas pinasahol na pagsasamantala.

# HLMX MUSIC VIDEOS,
## INILUNSAD SA LUISITA WATCH 'KAPIHAN'

NAPANOOD SA UNANG PAGKAKATAON ANG KABUUAN NG TATLONG music video na bahagi ng ika-10 taong komemorasyon ng masaker sa Hacienda Luisita (HLMX), sa ginanap na Luisita Watch 'Kapihan' nitong Pebrero 21, sa TaUmbayan Café, Kamuning, Quezon City.

Sinusundan ng tatlong bidyo ang kuwento ng 10-taong gulang na si "Luisa" na ginampanan ni Angela Tubiera ng Hacienda Luisita, ang pinakabatang "tagapagsalita" ng kampanya para sa lupa at hustisya ng mga manggagawang-bukid. Gumanap naman bilang ina ni Luisa ang aktres na si Michelle Smith, na nakilala sa pelikulang *indie* na ***Angustia.***

Ang mga kantang "Pagbawi" ng 5 Year Plan, "Luisita's Cry" ng Goons N' Guns at "Kung Puntod na ang Bukirin" ng Gazera ay tampok sa nasabing mga bidyo. Ang *music videos* na binuo ng Luisita Watch katuwang ang Molotov Pilipinas ay nasa direksyon ni Gerone Centeno.

Itinaon ang kapihan sa unang anibersaryo ng Luisita Watch. Binuo ang Luisita Watch noong Pebrero 2014 upang ilantad sa publiko ang tunay na sitwasyon ng mga manggagawang-bukid sa gitna ng pekeng pamamahagi ng lupa at talamak na paglabag sa karapatang-pantao sa ilalim ni Aquino.

Bahagi rin ng kapihan ang talakayan sa pangunguna ni Ka Paeng Mariano ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP). Dumalo naman ang mga kaibigan ng Luisita Watch gaya nina Anakpawis Rep. Ka Pando Hicap, mga kasama mula sa Taripnong-Cagayan Valley, Migrante, STAND-UP at Hacienda Luisita Peasant Supporters Network.

Dumalo rin sa kapihan ang mga kaibigang artista na lumahok sa kampanyang HLMX noong nakaraang taon gaya ni Leeroy New, at ang mga manunulat, mamamahayag at bidyograper mula sa Kilometer 64 Poetry Collective, Kataga, Pokus Pilipinas, Tabakk, IBON Foundation, Tudla at Bulatlat.com.




Ang *music videos* ay mapapanood na sa *channel* ng Molotov at Luisita Watch sa Youtube. Ang iba pang mga balita at *update* mula sa Luisita Watch ay maaaring tunghayan sa blog na **luisitawatch.wordpress.com** at sa mga account nito sa Facebook, Twitter at Instagram.




# TF 'NO Palm', binuo

BINUO ANG ISANG TASK FORCE laban sa mapanirang mga epekto ng mga plantasyon ng oil palm sa Pilipinas, sa kulminasyon ng National Oil Palm Conference na ginanap mula Mayo 9-10 sa Davao City.

Layunin ng nasabing pambansang task force ang maitayo ang Network Opposed to Oil Palm Plantations (NO Palm) na magsisilbing sentro ng kampanya laban sa pangangamkam ng lupa at lupaing ninuno, paglabag sa mga karapatang pantao, mga di-makataong kondisyon sa paggawa, at iba pang mapanirang epekto sa kalikasan at komunidad dulot ng mga plantasyon ng oil palm gaya ng paggamit ng nakalalasong kemikal at pagkakalbo ng mga kagubatan.

Ayon sa mga ulat, isang milyong ektarya ng lupa ang itinaya ng pamahalaan para sa agresibong ekspansyon ng mga plantasyon ng oil palm na nasa kontrol ng mga dayuhang kumpanya mula sa Malaysia at Indonesia.

"Ang mga magsasaka, manggagawa sa agrikultura, manggagawa sa ilohan, at mga lumad o katutubo sa Mindanao, Palawan at iba pang isla sa Bisayas ang bumabalikat sa napakaraming negatibong epekto ng oil palm," ayon sa pahayag ng pagkakaisa na binuo sa kumperensya.

Dumalo sa nasabing kumperensya ang mga delegado mula sa 20 organisasyon, kabilang ang KMP, UMA, at PIGLAS-MAPAPI sa Agusan del Sur, isa sa mga unang erya ng plantasyon ng oil palm sa bansa.

Ang kumperensya ay inorganisa ng Rural Missionaries of the Philippines-Northern Mindanao Region (RMP-NMR), Center for Trade Union and Human Rights (CTUHR) at Asian Monitor Resource Center (AMRC), organisasyon para sa manggagawa na nakabase sa Hong Kong.